

# TEORYANG SIKO-ANALITIKO



Sumigla ang teoryang ito ng dahil sa kay **Sigmund Freud**. Sentral sa ideya ni Freud ang pag-alam sa interaksiyon ng malay at di-malay na isipan ng isang tao/karakter.

Sa proseso ng analisis na tinawag niyang siko-analisis, nabibigyang kahulugan ang mga pangyayari at simbolo sa pamamagitan ng paghahagilap ng koneksyon sa nakaraan. Mahalaga ang nakaraan ng tao/karakter dahil ayon nga sa kanya **“the child is the father to the man.”** Sintoma kung ganoon ng kasalukuyang problema ang mga pangyayari sa nakaraan na kailangang kalimutan (*repression*) o ilipat sa iba (*sublimation*).



Ang teoryang ito ay may kinalaman sa paniniwalang naghahanap-buhay tayo upang lasapin ang sarap ng buhay at nagkakaroon lamang ng maturidad ang isang tao bunga ng kanyang kamalayan sa kahirapan.



Sa Teoryang Siko-Analitiko ay may layuning ilantad ang natatagong kahulugan sa akda o kaya naman ipakita ang tunay na intensyon ng may-akda sa pagsusulat sa pamamagitan ng pagsusuri ng **kilos o gawi** at **pananalita**ng ginagamit ng tauhan sa akda.

Nakatuon sa kalagayan ng isang tao. Maaaring sa **pag-iisip** o sa kanyang **pag-uugali**.




Tinatalakay rin ang mga **damdamin**g namamayani sa mga tauhan gaya ng pagmamahal, paghanga, pagdakila, gayon din ang mga negatibong damdamin ng pangamba, takot, pagkabigo at iba pa.




# Halimbawang akda:



Si Cleofe at Ariel ay kapuwa walong taong gulang na matagal nang magkaibigan at parehong wala pang ganap na malay sa mundong kanilang ginagalawan. Silang dalawa’y laging naglalaro sa kanilang bakuran at sa kalapit nitong dalampasigan at ang mga lugar na ito ay ang kanilang paraiso. Kilala ang dalawang magkaibigan sa kanilang nayon dahil sa kanilang pagkakaibigan at talino. Kinaiinggitan ng ibang bata ang kanilang pagkakaibigan at minsa’y narinig ng dalawa mula sa mga



Lumipas ang panahon at sila’y nag-umpisa at nakapagtapos din sa hayskul. Noo’y kinausap na sila ng kanilang mga magulang na panahon na upang sila’y maghiwalay at hindi muna magkita dahil pinaniniwalaan nila na sila’y tukso para sa isa’t isa lalo na at sila ay mga dalaga’t binata na. Sinunod naman ng dalawa ang utos ng kanilang mga magulang at sila’y nagtungo sa bayan upang magkoleheyo. Nagdaan ang madaming taon simula nang sila ay tumigil sa pagkikita ngunit isang araw ay hindi sinasadyang nagkita sina Cleofe at Ariel.



Muling nagkabangga ang kanilang mga mundo at sila’y hindi na nakatiis. Ang isang pagkikita ay nasundan pa ng madami. Ang kanilang pagkikita’y ginagawa nila ng palihim sa takot na madiskubre ito ng kanilang mga magulang. Ang mga lugar na kanilang naging lihim na tagpuan ay ang naging kanilang bagong mundo, ang kanilang bagong paraiso. Ang paghihimagsik nilang ito ay di naglaong humantong sa kinakatakutang pangyayari ng kanilang mga magulang, ang sila’y masadlak sa isang kasalanang makakasira sa kanilang



# PATUNAY:

Ang kwento ay tungkol sa magkababata na noon ay malaya pang gawin ang lahat ng bagay ngunit nang lumaki na ay nagkaroon ng limitasyon ang kanilang mga kilos. Ang kanilang naging paraiso sa kanilang pagkabata ay isang malawak na loobang kinatitirikan ng dalawang tabla't yero na sa di kalayua'y matatagpuan ang dalampasigan. Nang sila'y tumanda ay higpit na pinagbibilin ng kanilang mga magulang na huwag muna silang magkikita kung gusto nilang makatapos ng kolehiyo. Ngunit ang ipinagbabawal ng kani-kanilang magulang ay kanilang sinuway at sinunod ang sariling kagustuhan. Sa isang lugar na tinuturing nilang "bagong paraiso", ang lugar nila ngayon ay makitid, sulok-sulok, malamig din ngunit hinahamig ng init ng kanilang lumayang mga katawan kung saan walang hahadlang sa kanila na humantong naman sa malaking pagbabago sa kanilang buhay nang magdalang-tao si Cleofe. Sinisisi nila ang kanilang mga sarili ngunit huli na ang lahat.

Dumaan din sa kanilang buhay ang isang pagbabago na hindi nila napigil o mapipigil. Nang sila'y maghayskul, iba na ang kanilang ayos. Ang batang lalaki ay hindi na nakapantalong maikli, siya'y nakalargo na at pantay na ang hati ng kaniyang buhok na nangingintab sa pahid ng pomada. At isang araw, sa likod ng kanilang paaralan, ay nakita niya ang isang bagay na natuklasan niyang kailangang mangyari sa kaniya. Samantala, ang batang babae ay may laso sa buhok, na nakatirintas at ang kaniyang suot na damit ay lampas tuhod at hindi nakikita ng batang lalaki ang alak-alakan nito. At buwan-buwan ay meron siyang kapirasong damit na itinatago sa ilalim ng kaniyang katre at kapag tapos na sa paglalaba ang kaniyang ina ay palihim niyang lalabhan sa silong at ikukula sa kubling bahagi ng likod bahay at minsan ay natutop pa siya ng kaniyang ina sa paglalaba nito sa silong.

Bukod sa hindi nila mawari ang mga pagbabago sa kanilang katawan. Isa rin sa mga pagsubok na kanilang nakaharap ay hindi nila malaman ang dahilan kung bakit sila pinagbabawalan na magkita ng kanilang mga magulang. Naibulalas rin ng mga nakatatanda na balang araw ay baka sila ang magkakapangasawahan. Hindi nila madalumat ang kaugnayan ng kanilang pagiging magkalaro sa isang hula sa hinaharap. Higit pang nakakaabala sa kanilang isip ang sinasabi ng kanilang kaklase na silang dalawa’y parang tuko – magkakapit. Maraming kalituhan ang nanaig sa mga isipan ng dalawa.

Ang dalawa ay maraming mga kamalian na nagawa at akala nila ay nagtagumpay sila sa pagkagupo ng dingding na ipinagitan sa kanila sa pamamagitan ng pagsuway sa mga utos ng kanilang mga magulang ngunit iyon pala ay naging daan lamang sa mas maraming pagsubok na nag-aabang

Pansisin ang mga kataga sa huling bahagi ng kwento, *“Akala nila’y naging malaya na sila sa sandaling iyon, ngunit kabaliktaran iyon ng dapat nilang asahan... Ang babae ay nagdamdam, nais niyang iluwa ang bagay na nasa kaniyang tiyan na itinutulak patungo sa kaniyang lalamunan, siya ay tumingala, at pagkaraa’y sumuka siya, at ang bagay na iyon ay inanod ng agos na likha ng ulan.”* Nais lamang ipahiwating ng mga katagang ito na si Cleofe ay nagdadalang-tao sa kwento na naging bunga ng hindi nila pagsunod sa kanilang mga magulang.

Nais ni Abueg na imulat ang mga kabataan sa modernong panahon na dapat tayong maging maingat at dapat sumunod sa utos ng mga magulang at manatiling nasa lilim ng kanilang mga payo habang sila ay mga wala pang muwang sa buhay.